Mensahe Labindalawa

# Pamumuhay ng isang Buhay ng Pagtatamasa kay Kristo bilang Mabuting Lupain kasama ang Templo, ang Pinanahanang Lugar ng Diyos, at ang Lunsod, ang Kaharian ng Diyos, bilang Bunga Nito

Babasahin sa Kasulatan: 2 Cor. 13:14; 1:12; 4:15; 6:1; 8:1, 9; 9:8, 14; 12:9

**I. Kinukuha ng 1 Corinto ang kasaysayan ng mga anak ni Israel sa Lumang Tipan bilang isang sagisag ng Bagong Tipang mga mananampalataya (5:7-8; 10:1-13), subalit walang pagtukoy sa mabuting lupain sa 1 Corinto, dahil, sa pang-espiritwal na pagsasalita, ang realidad ng mabuting lupain ay nasa 2 Corinto:**

A. Ang realidad ng mabuting lupain sa 2 Corinto ay si Kristo Mismo bilang dibinong biyaya; ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo ay ang sentrong kaisipan at ang paksa ng 2 Corinto—13:14; 1:12; 4:15; 6:1; 8:1, 9; 9:8, 14; 12:9.

B. Ang *hindi ako kundi ang biyaya ng Diyos* sa 1 Corinto 15:10 ay katumbas ng *hindi na ako…kundi…si* Kristo sa Galacia 2:20; ang biyayang nagganyak sa apostol at kumilos sa kanya ay hindi ilang pangyayari o ilang bagay kundi isang buháy na persona (Juan 1:16-17), ang nabuhay na muling Kristo, ang pagsasakatawan ng Diyos Ama (Col. 2:9; Juan 14:7-11) na naging nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay (1 Cor. 15:45b; 2 Cor. 3:17), na nanahan sa apostol para sa kanyang nagpapalakas na katamasahan (2 Tim. 4:22; 2:1).

C. Ang biyaya ay ang Diyos sa loob ni Kristo bilang Espiritu na ibinigay sa atin para sa ating katamasahan, binibigyang-lakas tayo, binibigyang-kakayahan tayo, sinusuportahan tayo, at pinalalakas tayo upang maharap ang anumang uri ng suliranin, upang umangkop sa lahat ng sitwasyon, upang mabatâ ang anumang uri ng pakikitungo, upang matanggap ang anumang uri ng kapaligiran, upang gumawa sa ilalim ng anumang uri ng kalagayan, at upang makuha ang anumang uri ng pagkakataon nang sa gayon ay maging mabubuting katiwala tayo upang ipamahagi ang iba't ibang biyaya ng Diyos tungo sa iba para sa pagtatayo ng ekklesia bilang bahay ng Diyos at kaharian ng Diyos—1 Cor. 15:10; 2 Cor. 1:3-12; 12:7-9; 1 Ped. 4:10; Efe. 3:2.

**II. Kailangan nating makita kung paano ipamuhay ang isang buhay sa mga mata ng Diyos na magbibigay-kakayahan sa ating matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo na isinasagisag ng mabuting lupain—Col. 1:12; 2:6-7a:**

A. Kailangan nating mamuhay ng isang buhay na nagpapagal kay Kristo, isang buhay na personal na nagtatamasa kay Kristo nang sa gayon sama-sama natin Siyang matamasa para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo bilang ang templo, ang bahay, ng buháy na Diyos—1 Cor. 3:17; 1 Tim. 3:15.

B. Ang kalooban ng Diyos ay ang tamasahin natin si Kristo (Heb. 10:5-10; 1 Cor. 1:9); kailangan nating hangaring matamasa si Kristo at maranasan Siya sa bawat sitwasyon (Fil. 3:7-14).

C. Si Kristo ay mayaman na di-masukat, subalit ang ekklesia ngayon ay gumagapang sa kahirapan dahil ang mga anak ng Panginoon ay mga tamad—Kaw. 6:6-11; 24:30-34; 26:14; Mat. 25:26, 30.

D. Kapag dumalo tayo sa mga pagpupulong upang sambahin ang Panginoon, hindi tayo dapat dumalo nang walang dala ang ating mga kamay; dapat punô ng bunga ng Kristo ang ating mga kamay—Deut. 16:15-16:

1. Dapat sapat nating Siyang maibunga nang sa gayon ay magkaroon ng labis na matitira para sa mga dukha at mga nangangailangan, para sa mga saserdote at mga Levita, at may pinakamainam para sa Panginoon Mismo—15:11; 18:3-4; 12:11.
2. Ang sambahin ang Diyos kalakip si Kristo ay ang sama-sama Siyang sambahin kasama ang lahat ng anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagtatamasa kay Kristo sa isa't isa at kasama ang Diyos—1 Cor. 14:26.

E. Kung nais nating maging mga mandaraig, kailangan nating magpagal kay Kristo bilang ating mabuting lupain, upang matamo si Kristo bilang ating katamasahan:

1. Bawat umaga ay dapat tayong tapat na maghandog ng ating sarili sa Panginoon para sa payak na layuning matamasa at maranasan Siya—cf. Fil. 3:13-14.
2. Bawat araw kailangan nating gumugol ng panahon na makasama ang Panginoon nang pribado at lihim upang magkaroon ng matalik na pakikipagsalamuha sa Kanya—Mat. 14:22-23; 6:6; Exo. 33:11a.
3. Kailangan nating tamasahin ang Panginoon sa Salita araw-araw nang maaga sa umaga upang magkaroon ng isang bagong simula ng bawat araw—Awit 119:147-148.
4. Kailangan nating lubusang tuusin ang mga kasalanan upang walang anumang nasa pagitan natin at ng Panginoon—1 Juan 1:7, 9; cf. Ezek. 1:22, 26.
5. Kailangan nating panatilihin ang ating pakikipagsalamuha sa Panginoon sandali kada sandali, namumuhay ng isang buhay ng panalangin—2 Cor. 13:14; Fil. 4:6-7; Lam. 3:55-56; cf. Mat. 11:25-26.
6. Kailangan nating tubusin ang ating panahon at igugol ang ating enerhiya upang matigmakan at mababaran ng banal na Salita ng Diyos—2 Tim. 3:16-17; Col. 3:16.
7. Dapat nating tubusin ang panahon upang mapuspos sa espiritu sa pamamagitan ng palaging pagkagalak, walang patid na pananalangin, at pagpapasalamat sa lahat ng bagay—Efe. 5:18; 1 Tes. 5:16-19.
8. Upang maranasan ang kayamanan ni Kristo bilang mabuting lupain, kailangan nating mapamahalaan, mapamunuan, madirektahan, mapakilos, at mapatnubayan ng ating espiritu—2 Cor. 2:13.

9. Upang maranasan ang kayamanan ni Kristo bilang mabuting lupain, kailangan nating mamuhay sa persona, sa presensiya, sa mukha, ni Kristo—b. 10; 4:6-7; 3:16-18; 12:2a:
   a. Upang maangkin si Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na lupain, dapat tayong mapamahalaan ng Kanyang persona, Kanyang presensiya—Exo. 33:14.
   b. Dahil namuhay si Pablo sa persona ni Kristo, naranasan niya si Kristo bilang pagiging di-nagbabago (2 Cor. 1:17-20), bilang kaamuan at kahinahunan (10:1), bilang katotohanan (11:10), bilang kapangyarihan (12:10; 13:4), bilang biyaya (b. 14), at bilang Isa na nagsasalita sa kanya (b. 3; cf. 2:17).
10. Natanggap natin si Kristo bilang biyaya, ang realidad ng mabuting lupain, sa pamamagitan ng pagbasag at pagbubuong gawain ng Espiritu Santo, kung saan ang ating panloob na katauhan ay itinatayong muli ng Dibinong Trinidad—12:7-10; 13:14.

**III. Dapat tayong magtipon-tipon upang magkaroon ng pagtatanghal ng Kristo na pinagpagalan natin, ang Kristo na natamasa at naranasan natin—Deut. 14:22-23:**

A. Kapag personal nating tinamasa si Kristo sa ating pang-araw-araw na buhay para sa ating sama-samang pagtatamasa sa Kanya sa ating buhay-pagpupulong, ang Diyos ay nasa gitna natin, at tayo ay Kanyang pinananahanang lugar at Kanyang kaharian.

B. Kapag tinamasa natin si Kristo hanggang sa gayong sukat, mapupuspos ng Diyos ang pagpupulong ng ekklesia, at ang lahat ng aktibidad nito ay magdadala at maghahatid ng Diyos sa mga tao upang malalinan sila ng Diyos—1 Cor. 14:25.

C. Ang totoong pagsamba sa Diyos ng Kanyang bayan ay kapag ang bawat isa ay puspos ng Kristo, nagniningning ng Kristo, at nagtatanghal ng Kristo na kanilang pinagpagalan.

D. Dapat palagi tayong may isang bagay na maisasalita sa lahat ng pagpupulong bilang isang kusang handog sa Diyos at sa lahat ng dumalo—b. 26:

1. Bago dumalo sa pagpupulong, dapat ihanda natin ang ating sarili para sa pagpupulong na may isang bagay mula sa Panginoon, maaaring sa pamamagitan ng ating karanasan sa Kanya o sa pamamagitan ng ating pagtatamasa sa Kanyang salita at pakikipagsalamuha sa Kanya sa panalangin.
2. Pagdating sa pagpupulong, hindi tayo dapat maghintay ng inspirasyon; dapat ensayuhin natin ang ating epiritu at gamitin ang ating nasanay na kaisipan upang magpangsyon sa paglalahad ng kung ano ang inihanda natin sa Panginoon para sa Kanyang kaluwalhatian at kasiyahan at sa mga dumalo para sa kanilang kapakinabangan—kanilang kaliwanagan, pagkain, at pagtatayo—bb. 31-32.

**IV. Dapat magpulong tayo kasama ang mga anak ng Panginoon para sa sama-samang pagsamba sa lugar na pinili ng Panginoon—sa ating esipiritu at sa namumukod-tanging batayan ng kaisahan—Deut. 12:5, 11, 13-14, 18; 16:16; Juan 4:24:**

A. Una, ang santuwaryo ng Diyos, ang Kanyang tirahan, ay nasa ating espiritu (Efe. 2:22), at ikalawa, ito ay ang ekklesia (1 Tim. 3:15); kaya, upang makapunta sa santuwaryo ng Diyos, kailangan nating bumaling sa ating espiritu at pumunta sa mga pagpupulong ng ekklesia; sa ating espiritu at sa ekklesia, nakatatanggap tayo ng dibinong pahayag at ng pagpapaliwanag sa lahat ng ating suliranin (Awit 73:16-28).

B. Kailangan nating panatilihin ang namumukod-tanging kaisahan ng Katawan ni Kristo sa tunay na batayan ng kaisahan:

1. Ang pagsasagawa ng buhay-ekklesia ay ang pagsasagawa ng pagkakaroon ng isang ekklesia para sa isang lunsod, isang lunsod na may isa lamang ekklesia—Gawa 8:1; 13:1; 1 Cor. 1:2; Apoc. 1:11.
2. Sa tunay na batayan ng kaisahan, tinatamasa natin ang Panginoon bilang nagpapahid na langis, nagpapanariwang hamog, at iniutos na pagpapala ng buhay—Awit 133.

C. May apat na katangian ang lugar na pinili ng Panginoon:

1. Ang lugar na pinili ng Panginoon ay dapat walang anumang pangalan maliban sa pangalan ni Kristo—Deut. 12:5; Apoc. 3:8.
2. Ang lugar na pinili ng Panginoon ay puspos ng pag-eensayo ng espiritu—Efe. 2:22; Juan 4:24; 1 Tim. 4:7; 1 Cor. 14:32.
3. Ang lugar na pinili ng Panginoon ay isang lugar ng pagtatamasa sa kayamanan ni Kristo—Deut. 12:7, 18; Awit 36:8-9.
4. Ang lugar na pinili ng Panginoon ay isang lugar ng kagalakan—Deut. 12:7, 12, 18; Awit 42:4; 122:1.

**V. Ang bunga ng ating pagtatamasa sa nagpapaloob ng lahat na kayamanan ni Kristo bilang mabuting lupain ay ang ekklesia bilang ang templo, ang pinananahanang lugar ng Diyos, at bilang ang lunsod, ang kaharian ng Diyos—Efe. 2:21-22:**

A. Ang lupain kasama ang templo at lunsod nito ay ang sentro ng plano ng Diyos—1 Hari 8:48 at footnote 1:

1. Ang lupain ay si Kristo Mismo, at ang templo at ang lunsod ay ang kapuspusan ni Kristo, ang ekklesia, na Kanyang Katawan—Efe. 1:22-23; 2:21-22.
2. Ang templo ay para sa kahayagan ng Diyos, at ang lunsod ay para sa kapamahalaan ng Diyos; ito ang tumutupad sa walang hanggang layunin ng Diyos—Gen. 1:26.

B. Ang mga pangunahing aspekto ng bahay ng Diyos, Kanyang pinananahanang lugar para sa Kanyang kahayagan, ay nagsasalita hinggil sa presensiya ng Diyos:

1. Ang bahay ng Diyos ay ang lugar ng presensiya ng Diyos, na siyang kaluwalhatian ng Diyos (Awit 26:8; 29:9), kagandahan ng Diyos (27:4, 8), at kayamanan ng Diyos (36:8-9).
2. Ang bahay ng Diyos ay ang lugar ng pahayag at kasagutan ng Diyos—73:16-17; 3:4; 18:6.
3. Ang bahay ng Diyos ay ang ating dakong kublihan—27:5; cf. 31:20; 84:3.
4. Ang bahay ng Diyos ay ang lugar kung saan tayo ay maitatanim, mapayayabong, at makapamumunga—92:13-14.
5. Ang bahay ng Diyos ay ang lugar ng mga balong—87:7.
6. Ang bahay ng Diyos ay ang lugar kung saan napalalakas tayo—68:35; 96:6.
7. Ang bahay ng Diyos ay ang lugar kung saan naihahalo tayo sa Diyos—92:10.
8. Ang bahay ng Diyos ay ang lugar kung saan ang Diyos ay ating bahagi—73:26.

C. Ang mga pangunahing aspekto ng lunsod ng Diyos, Kanyang kaharian para sa Kanyang kapamahalaan, ay nagsasalita hinggil sa awtoridad ng Diyos:
1. Ang lunsod ng Diyos ay isang malakas na lunsod, ang lunsod ng dakilang Hari—31:21; 48:2.
2. Sa lunsod ng Diyos ay may isang ilog na may mga nagpapasayang agos—46:4-5.
3. Ipinakilala sa kanya ang Diyos at sa kanya ay isang mataas na tanggulan—48:3.
4. Siya ay isang kinatatakutan sa kaaway—bb. 3-6; 76:2-3.
5. Siya ang kasakdalan ng kagandahan—50:2.
6. Siya ang gol ng mabuting kaluguran ng Diyos—51:18.
7. Ang mga trono ng paghahatol ay nakalagak sa lunsod ng Diyos—122:5.
8. Pinagpapala ng Panginoon ang iba mula sa kanya at pinagpala mula sa kanya—134:3; 135:21.

**VI. Ang sukdulang bunga ng ating pagtatamasa kay Kristo bilang mabuting lupain ay ang dibino-pantaong pakikipaglakip ng naprosesong Tres-unong Diyos sa Kanyang isinilang na muli, tinransporma, at niluwalhating bayang may tatlong bahagi bilang walang hanggang pinananahanang lugar at kaharian ng Diyos—Apoc. 21:3, 22; 22:5.**

*© 2023 Living Stream Ministry*